

IMPORMASYON NG PASYENTE: MOLNUPIRAVIR

Ang Molnupiravir ay maaaring makapigil sa pagkaka-ospital o pagkamatay sa mga adulto na nasa mataas na peligro para sa malalang sakit mula sa COVID-19. Dapat itong inumin sa loob ng 5 araw kung kailan nagsimula ang mga sintomas ng COVID-19.

Ano ang Molnupiravir?

Ang Molnupiravir ay bagong gamot na ginamit para gamutin ang banayad-hanggang-katamtamang COVID-19 sa mga adulto (nasa edad na 18 at mas matanda) na:

- ▶ May **positibong test** na resulta para sa COVID-19 na pagsusuri sa virus
- ▶ Ay nasa **mataas na peligro para sa malalang COVID-19** kasama ang pagkaka-ospital at pagkamatay, at para kung kanino ang ibang mga opsiyon sa paggamot ng COVID-19 ay hindi maa-access o angkop.

Ang Molnupiravir ay isang antiviral na gamot na iniinom (sa paglunok ng mga tabletas) para sa 5 araw. Ang tagal ng paggamot ay dapat kumpletuhin, anuman ang resolusyon ng mga sintomas.

Nagbigay ang U.S. Food and Drug Administration (FDA) ng Emergency Use Authorization (EUA) para gawing available ang Molnupiravir sa pandemyang COVID-19. Ang Molnupiravir ay hindi isang aprubado ng FDA na gamot sa Estados Unidos.



Sabihin sa tagapaglaan mo ng pag-aalaga ng kalusugan kung ikaw:

- ay **buntis**, maaaring mabuntis, o seksuwal na aktibo sa mga kapareha na maaaring mabuntis.
- ay may anumang **mga allergy**
- ay **nagpapasuso** o balak magpapasuso
- ay may anumang **mga malalang sakit**
- ay umiinom ng anumang **mga gamot** (reseta, over-the-counter, mga bitamina, o mga herbal na produkto)



May mga side effect ba ang Molnupiravir?

- ▶ Ang Molnupiravir ay maaaring magdulot ng malalang pinsala sa mga hindi pa naipanganak na mga sanggol (batay sa impormasyon mula sa mga pag-aaral sa mga hayop)
- ▶ Ang mga allergic na reaksiyon ay maaaring maganap sa mga taong umiinom ng Molnupiravir
- ▶ Ang mga pinakakaraniwang side effect ay:
 - > Pagdudumi
 - > Pagduruwal
 - > Pagkahilo



Saan ako makakahanap ng Molnupiravir?

Ang mga lokasyon ng Molnupiravir ay mahahanap sa VDH COVID-19 Treatment Locator Tool. Ang link ay isang interaktibong mapa sa VDH website na nagpapahintulot sa publiko at mga tagapagbigay para matukoy ang mga lugar ng therapeutics sa Virginia: <https://www.vdh.virginia.gov/mabs/covid-19-treatment-locator/>



Kailangan ang reseta para sa lahat ng mga magagamit na therapeutics.



Makakahanap ka ng higit pang impormasyon tungkol sa mga paggamot sa COVID-19 sa <https://www.vdh.virginia.gov/coronavirus>

